PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 19 NO. 17 JUNE 22 - 28, 2020 10.00

# JAPANESE-DESIGNED BASIN SA CAVITE, PINASINAYAAN

Ang Japanese-designed retarding basin sa Imus, Cavite ay pinasinayaan noong Huwebes, ayon sa Japanese Embassy sa Maynila.

Ang proyekto, na idinisenyo upang mapagaan ang pinsala ng baha sa mga mababang lugar, ay bahagi ng Flood Risk Management Project para sa Imus River na pinondohan ng Japan's official development assistance.

Ang Imus Retarding Basin ay may kasamang 84-meter overflow dike, nakatayo sa average na tatlong metro ang taas na may 1.3 na kilometro ng nakapalibot na dike at 1.1 na kilometro ang naghihiwalay na dike.

Ang mga retarding basin ay itinatayo upang pansamantalang maiimbak ang karamihan, kung hindi lahat, ng tubig-ulan tuwing panahon ng matinding pagulan at pagkatapos ay unti-unti lalabas sa isang regulated flow rate.

Kasama rin sa proyekto ang isa pang retarding basin sa Bacoor na makukumpleto sa 2020, batay sa master management plan para sa Imus River na inihanda ng Japan International Cooperation Agency (JICA).

Sa seremonya ng pagpapasinaya sa Imus, sinabi ni Ambassador Koshikawa Kazuhiko na ang wastong operasyon at pagpapanatili ng unang retarding basin na ito ay magsisilbing, “key in demonstrating its full capability in the long run.”



## SPUTNIK V SECOND DOSE VACCINATION, INUMPISAHANG IPAMAHAGI SA TAGAYTAY

Umarangkada na ang pagkakaloob ng ikalawang dose ng bakunang Sputnik V sa Tagaytay nitong Biyernes,

Ginanap ang naturang pagbabakuna bandang alas-2 hanggang alas-4 ng hapon sa Tagaytay International Convention Center na itinalagang vaccination site sa lugar.

Alinsunod ito sa naipabatid na ulat ng Tagaytay City Health Office ukol sa sinimulang pagbabakuna sa mga recipient nito.

Inaasahan na magpapatuloy ang pagbabahagi ng proteksyong pangkalusugan sa lugar upang maiwasan ang pagdami ng COVID-19 cases sa lugar.




WEEKLY REPORT
on the Activities & Programs of Carmona

## PINAKABAGONG BERSYON NG D-VAS, ILULUNSAD NG DICT SA CARMONA

Nakatakdang ilunsad ng DICT ang pinakabagong bersyon ng sistema ng pangangasiwa sa pagbabakuna o DICT Vaccine Administration System (D-VAS) sa Carmona, Cavite.

Ayon sa naging ulat ng CNN, inaasahang matutulungan ng sistemang ito na paikliin ang oras ng paghihintay sa mga lugar ng pagbabakuna at streamline ang proseso ng pag-uulat at pagsasama ng data mula sa Local Government Units (LGUs).

Sinabi ni DICT Usec Emmanuel Rey Caintic na sa bagong bersyon ng D-Vas ay mas mapapabilis ang master listing at pre-registration na kalaunan ay inaasahang magbibigay ng tulong sa ibang mga bayan.

Nang tanungin kung bakit Carmona at hindi lungsod sa NCR ang naging inisyal na launch spot ng bagong bersyon ng D-Vas, ipinaliwanag ni Caintic na dahil nasa gitna ng “massive vaccination” ang mga lugar doon ay hindi nila nais na makaabala sa operasyon ng mga ito.

Ngunit idinagdag niya na kapag natapos sa Carmona ay babalik sila sa NCR upang i-update ang mga bersyon na kasalukuyang ginagamit na sa marami sa mga lugar doon.

## LIBRENG MGA SISIW, IPINAMAHAGI SA MGA RAISER SA KAWIT

Namahagi ang Department of Agriculture ng mga sisiw sa mga poultry raiser sa bayan ng Kawit.

Ayon sa ulat ng PIA Cavite, tumanggap ng tig-50 alagang sisiw ang bawat benepisyaryo kasama ang libreng feeds, vitamins, at cage construction materials.

Inaasahan na makatutulong ang proyekto upang maging dagdag hanapbuhay sa gitna ng kasalukuyang krisis pangkalusugan.



## BAMBOO PLANTING ????

Nagtanim ang Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO) ng 100 kawayang tinik sa gilid ng Cañas River sa lungsod ng Trece Martires

Ang naturang aktibidad ay pinangunahan ng 50 boluntaryo mula sa Barangay Conchu, Ciudad Adelina Homeowners Association (HOA), at ilang kabataan at senior citizen sa lugar.

Binigyang diin rin ng PENRO ang kahalagahan ng pagtatanim ng kawayan na maaaring pagkunan ng hanapbuhay ng mga residente.

ARMYNAVY BURGER + BURRITO

Angel's HAMBURGER Ang Burger ng Bayan

ACCEPTING ADS - 0928-4682788*E-mail: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

# Social media post ng mga nagpabakuna nakakatulong?

KAPANSIN-PANSIN ang gawi ng ilang mga Pilipinong nagpabakuna laban sa coronavirus disease 2019 na litratuhan ang kanilang sarili habang tinuturukan ng bakuna at kinalaunan ay ipoposte nila ang kanilang litratong ito sa social media lalo na sa Facebook. Kitang-kita pa ang maliit na bulak na nakatapal sa bahagi ng kanilang braso na ininiksiyunan. Meron pa nga sa kanila na binabanggit sa kanilang post kung anong bakuna ang kanilang tinanggap kung Sinovac ba o Astrazeneca halimbawa.

Sa naturang mga poste, siyempre, may mga like at comment na binabati ang mga nagpabakuna dahil hindi na sila tatablan ng COVID-19 at mapapawi ang pangamba ng kanilang mga kaanak at kakilala at kaibigan hinggil sa kanilang kalusugan. Meron ding mga overseas Filipino worker at mga Pilipinong permanente nang naninirahan sa ibang bansa ang nagpoposte sa Facebook ng kanilang litrato habang binabakunahan sila.

Maaaring, dahil nakasanayan na nang marami sa atin na litratuhan ang sarili o mag-selfie sa anumang ginagawa nila, hindi kataka-takang litratuhan din nila ang kanilang sarili habang nagpapabakuna. Parang trending kasi. Nauuso. Puwedeng katuwaan. Pero, sa kabilang dako, maaaring intensiyon din nilang makahikayat sa ibang mga tao lalo na sa kanilang mga kaanak o kaibigan na magpaturok din laban sa COVID-19.

Masasabi ring nakakatulong din ang mga posteng ito sa programa ng pamahalaan sa bakuna para mahimok ang mas marami pang mga Pilipino na magpaturok. Tinatarget pa naman ng pamahalaan na maturukan ang 50 hanggang 70 milyong Pilipino para maabot ang tinatawag na herd immunity para makabalik na tayo sa dating normal na buhay. Dapat din siguro pasalamatan ng pamahalaan ang mga netizen sa pagpoposte ng litrato ng kanilang pagpapabakuna dahil kahit paano marahil ay nakakatulong ito para makumbinsi ang iba pang mga Pilipino na magpabakuna.

Sa isa ngang survey ng Social Weather Station na lumabas noong nakaraang buwan, lumitaw na 32 porsiyento lang ng adult Filipinos ang gustong magpabakuna laban sa COVID-19 samantalang 33 porsiyento naman ng adult Filipinos ang tumatangging magpabakuna.

Gayunman, napaulat na, bago natapos ang nakaraang buwan ng Mayo, umabot na sa 1,189,353 Pilipino ang nabakunahan bagaman sobrang layo pa nito sa target na 50 hanggang 70 milyon. Nagsimula noong Marso ng taon ding ito ang programa sa bakuna.

Kulang pa rin kasi sa suplay ng bakuna na nakakapagpabagal sa programa bukod pa sa maram pa ring mga Pilipino ang atubiling magpabakuna sa iba't-ibang kadahilanan na isa na rito ay ang side effect ng bakuna. Lumitaw na nga sa ilang survey ang pagtanggi o pag-aagam-agam ng marami nating kababayan dito. Meron pang survey na nagpapakita na mas maraming Pilipino ang mas pabor sa mga bakuna na galing sa United States, England, o Germany o sa Russia kaysa mga gawa ng China. Pero, batay na nga sa sinasabi ng mga health expert, ang bakuna ang isa sa mahalaga at epektibong paraan para mapigilan ang pandemya na mahigit isang taon nang gumulo sa ating pamumuhay.

Kaya, hindi man namamalayan ng mga nagpabakuna sa kanilang pagse-'selfie', maaaring may positibo itong epekto sa pagkumbinsi sa iba pang mga Pilipino na magpabakuna na rin.

## EDITORIAL

### - Mahalaga ang face shield

HINDI pa dapat alisin ang pagusuot ng face shield. Masyado pang maaga para alisin sapagkat marami pa ang nagkakahawahan. Patuloy ang pagdami ng kaso ng COVID-19 at kung hindi na ire-require ang pagsusuot ng face shield, baka lalo pang tumaas. Huwag munang alisin ang face shield.

Malaki ang tulong ng face shield para maharang ang droplets na may virus. Ito ang unang depensa ng indibidwal para hindi makapasok ang virus sa katawan. Dahil din sa face shield, kaya naiiwasang hawakan o hipuin ang ilong, bibig at mata. Malaking tulong ang face shield.

Pero sabi ni Manila mayor Isko Moreno, dapat nang ipatigil ang pagsusuot ng face shield sa mamamayan at sa ospital na lamang gamitin. Huwag na raw i-require gamitin upang makabawas sa gastusin at intindihin ng taumbayan. "Tayo na lang yata sa buong mundo ang nagre-require ng face shield sa kalsada. Dapat pag-isipan uli ito," sabi ni Moreno.

Mariin namang tinutulan ng Department of Health (DOH) at Department of Interior and Local Government (DILG) ang panukala ni Moreno na huwag nang mag-face shield ang mga tao sa publikong lugar. Sabi ng DOH, hindi pa napapanahon na tanggalin ang polisiya sa paggamit ng face shields sapagkat mababa pa ang bilang ng mga nababakunahan. Ayon pa sa DOH, ang paggamit ng face shields ay suportado ng siyensiya at mabisang pananggalang sa virus lalo kung tatambalan ng face masks.

Sabi naman ng DILG, hindi pa dapat tanggalin ang face shield dahil hindi pa naaabot ng bansa ang herd immunity. Kailangang mabakunahan ang 50 mil-yon ng populasyon bago maabot ang herd immunity. Sa kasalukuyan, marami pa ang hindi nababakunahan dahil na rin sa kakulangan ng bakuna.

Ituloy ang pagsusuot ng face shields at ganundin naman, paigtingin pa ang pag-iingat para makaiwas sa virus. Umiwas sa mga kumpul-kumpol na tao dahil dito nagsisimula ang paghahawahan. Sumunod sa health protocol. Pabilisin naman ang pagbabakuna. Kung nabakunahan na ang karamihan, puwede nang huwag mag-face shields. Sa kasalukuyan, marami na ang gustong magpabakuna. Ang problema lang, kapos pa ang mga bakuna.

***EDITOR'S NOTE:*** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
ISSN-1656-0558

papi MEMBER

An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at 147 Panapaan IV, Bacoor, Cavite.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com.
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003

ERNA M. BALAGTAS
Publisher

DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |


## Sakripisyo ng buong bansa laban sa COVID-19

Top priority ng gobyerno ang kaligtasan ng mamamayan. Sa deklarasyon ng enhance quarantine sa Luzon ay hindi masamang gawin dahil sa hindi naging epektibo sa ginagawang community quarantine.

Bagama't maraming reklamo at hindi maiiwasan na magkakaroon ng problema dahil sa strict home quarantine, tiyak ay walang mangangahas na lalabas at papasok sa iba't ibang lugar ng bansa. Mas mabilis naman na mapipigilan ang paglaganap ng coronavirus. Upang hindi rin mahawa at magkasakit pa ang maraming tao.

Ang totoo ay late na tayo kaya nga totoong lockdown kaya nga lumaki ang bilang ng mga pasyente. Kung lockdown ay magkakaroon ng solusyon na masisigurado na kokonti ang magkakasakit at mapipigilan ang virus. Sa mga nag-aalala na hindi kikita, ano ang kakainin, paano na ang mga bayarin, at marami pang isyu. Pero ang mahalaga ay kailangang magsakripisyo ang buong bansa. Anoman ang mga concerns natin ay tiyak na bibigyan din ng solusyon ng ating gobyerno.

Lahat ay apektado mayaman, mahirap, negosyante, at lahat ng mga tao. Konting sakripisyo muna ang kailangang gawin. Kaysa magsisisi tayong lahat na hindi na natin mapigilan ang mabilis ng pagkalat ng virus. Hihintayin pa ba natin na magkaroon ng maraming tao na mamatay gaya sa Italy at China.

Wala nang mas mabuti kundi ang lahat ng miyembro ng pamilya ay nasa loob ng lang ng tahanan ngayong mga panahon. Ngayon pa lamang ay dapat makita na ng gobyerno ang worse na puwedeng mangyari.

Pagkakataon din mga indibidwal at pamilya na manalangin nang taimtim na maawa sa atin ang Panginoon sa masaklap na kapalaran ng mga tao sa buong mundo. Kailangang matutong magpakumbaba na magbalik loob sa Diyos ngayon nasa lugmok ang kalagayan ng mga indibidwal.

## *LINGGUHANG KAPALARAN*

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Magpasensyakangayon, mashabaanangpagtitimpidahilhaharapsataongmakulit. Papansinin at maa-appreciate angbagongka-kilala.Matataposanggawainsaoras. Lucky numbers at color for the day ang 43, 56, 29, 13, 31 at yellow.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Merong rumor nakakalat, huwag mag-react kung walakanamankinalaman. Perokungmeron, magi-guilty ka. Lucky numbers at color for the day ang 23, 46, 58, 13, 44 at tangerine.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Good timing ang promotion sa work. Dahilmalalantad din ang cooperative component parasabagong project. Lucky numbers at color for the day ang 43, 36, 59, 12, 33 at cobalt blue.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Mage-gets moangpinagdaraananngkasama. Kaya namanpipigilanangibasapanunuksosakanya. Lucky numbers at color for the day ang 53, 26, 49, 13, 35 at dollar green.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Matutuklasanangisangbagaytungkolsapagkataongkakilala. Magiginginteresadokasakanya. Lucky numbers at color for the day ang 33, 46, 57, 21, 11 at cinnamon brown.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Magagawamongmabalanseang responsibilities sapamilya at sa work. Kaya masmae-enjoy ang "me time". Lucky numbers at color for the day ang 53, 46, 39, 13, 33 at raspberry red.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Binagomoang style ng art of listening, namagbibigayng guide saibaparalumagorin. Lucky numbers at color for the day ang 23, 36, 49, 26, 55 at mango orange.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Masaya angiyong work plan. Ngayonmo mas maa-appreciate angbahagingmgataosaiyongpaligid. Lucky numbers at color for the day ang 44, 28, 52, 11, 33 at cyan blue.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Masaya angiyong acceptance na mag-explore ng potentials. Ang creative expression mo ay produktibo. Lucky numbers at color for the day ang 23, 36, 49, 55, 45 at amethyst violet.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Magiging fulfilled kasaiyong goals, lalonaangtungkolsapagpapakasal. Happy ka. Lucky numbers at color for the day ang 53, 36, 49, 12, 22 at egg yellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Maaakitmongayonang perfect rich partner. Matutupadanglahatngmgapangarap. Lucky numbers at color for the day ang 43, 36, 29, 51, 22 at crimson red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Ikawangmangungunasalahat. Maramianggagayasa'yo.Posiblengmaging icon in the making ka. Lucky numbers at color for the day ang 33, 26, 49, 51, 16 at sapphire blue.

# TESDA bats for special training for Filipino virtual assistants

By TESDA

Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) Deputy Director General Aniceto "John" Bertiz III has pushed for a training program to make Filipino virtual assistants globally competitive.

Bertiz, a former lawmaker, made the proposal in response to the growing demand for Filipino virtual assistants (Vas) among companies here and abroad due to the adaption to the "new normal" brought by the pandemic.

"As the world adapts to the new normal precipitated by the global pandemic, there has been a growing demand for Virtual Assistant (VA) among companies here and abroad," he said.

"This demand for VAs around the world opens up an opportunity for skilled Filipino workers, many of whom are considered freelancers while others are hired by virtual assistant companies based in US and Canada with branches here in the Philippines," he added.

Businesses are expected to double down on new technologies and remote work will rise to 300 percent. The Philippine outsourcing services are expected to cover 15 percent of the total global outsourcing market by 2022.

Since 2003, the Philippines' outsourcing industry has maintained its impressive 20 percent annual growth rate largely due to the ability of Filipinos to consistently produce world-class products and services.

Bertiz, however, pointed out that despite the growing demand of Filipino Vas abroad, there is a little attention given to providing adequate training for them.

"Sadly, there is only one training school for VAs in the country, which offers online courses, such as social media management, digital marketing course, SEO, online booking, among many others," he said.

"A many companies and businesses are struggling to stay afloat and facing the hurdles in paying establishment rentals and huge operational costs, there is a need for the government to come up with a special training program for certified virtual assistants," he added.

Bertiz said he will push for a training program tailor-fit for Filipino Vas based on a specific industry and skills set required and/or currently in-demand by a company, stakeholders, and industry partners in local and overseas.

Filipino VAs are the most preferred and in-demand hard skills in foreign countries, such as Australia, China, Canada, Eastern Europe, United Kingdom, New Zealand, and Germany. (TESDA)

DUGONG ALAY, DUGTONG BUHAY

# TESDA seeks private sector partners under Enterprise-Based Training programs

By TESDA

- The Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) has pushed for a more proactive promotion of its Enterprise-Based Training (EBT) program among industry partners to better prepare workers and learners in their respective regions.

TESDA Deputy Director General Aniceto "John" Bertiz III called on the agency's industry coordinators and administrators of TESDA Technical Institutes (TTI) to ensure active participation of private sector in the EBT Program.

"In the implementation of EBT programs, promotion and advocacy play a vital role in achieving the targeted increase in the number of implementers. We encourage you to intensify the promotion and marketing of EBT and focus on nurturing the existing partnerships," he said.

"The Industry has been our partners in implementing our TVET programs. Now, we want to utilize this platform to set a strategic direction and enable you, as our frontliners in TVET, to be the advocates in making EBT the more preferred training modality in TVET," he added.

Bertiz who oversees the partnerships and linkages at TESDA made the call during his opening remarks at the first-ever Capacity-Building Program for EBT Industry Coordinators and TTI Administration held last April 22.

This capacity-building program is in line with the agency's goal to strengthen and expand the implementation of EBT in the country and in support of the second phase of the "EBT to the Max" Implementation Plan, particularly in equipping EBT implementers.

EBT Program covers the Dual Training System (DTS)/ Dualized Training Program (DTP), Supervised Industry Learning (SIL), Apprenticeship, Learnership, Program on Accelerating Farm School Establishment (PAFSE), and In-Company or on-site training arrangements, including other industry-based training programs.

The former lawmaker also pointed out that the TVET sector is also affected by the pandemic which is evident to the downward trend in the number of participating establishments in EBT programs.

He encouraged everyone, especially those in charge of promoting the agency's programs, projects, and services, to reinvigorate their efforts in building a stronger TVET amid the challenges of the "new normal" environment.

"No one is spared from the effects of the pandemic, TVET, likewise, experienced the dent in the nation's socio-economic activities. A year after, we are all into rebuilding and reconstructing our individual and corporate lives gravely affected by the pandemic.

We've seen the potential of EBT programs as catalysts to economic activities in the pre-pandemic times.", he said.

"We can help each other get back to where we left prior to this health pandemic," he said, as he reminded industry coordinators and administrators of training institutes to set their targets this year.

As to the implementation of EBT programs, Bertiz pointed out that the set target for EBT enrollees is 56,738 while the target for EBT graduates is 51,064.

Bertiz also shared some updates on the implementation of other Technical Vocational Education and Training (TVET) programs to the local industries and sectors in the regional and provincial levels. (TESDA)

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
In God ISSN-1656-0558 We Trust
VOL. 19 NO. 17 JUNE 22 - 28, 2020 10.00

# TARA CAVITE TAYO! ????

Ipinamalas ni Miss Universe 2020 Cavite representative Victoria Velasquez Vincent, ang malalim at makulay na kultura ng lalawigan sa kaniyang tourism video na mayroong "fun and pop art" theme.

Bukod sa pagkilala sa malaking parte ng Cavite sa kasaysayan ng bansa, ipinakita rin niya ang mga magagandang lugar at kainan sa lalawigan na dinarayo ng mga turista.

Bilang isang arkitekto at heritage conservationist, lubos na ipinagmamalaki ni Victoria ang mga istruktura at pamana ng nakaraan na makikita sa Cavite.

Ikinatuwa naman ng mga sumusuporta sa kaniya maging ng mga netizen online ang "out of the box" video niya na nakakaenganyo para sa marami.

Panoorin at suportahan ang ating kandidata sa link na ito: https://www.youtube.com/watch?v=DfQx4GxW_8M

Video screengrabs: MUPH, Empire Philippines




# LIBRENG PAG-IBIG, PHILHEALTH REGISTRATION, HANDOG NG SILANG LGU


Nagkaloob ng libreng Pag-ibig at PhilHealth registration ang Silang LGU sa mga residente nito kamakailan.

Tinatayang higit 300 na mamamayan mula rito ang nakapag-apply para sa naturang programa batay kay Silang Mayor Corie Poblete.

"Higit nating pinalapit ang registration ng Pag-ibig at PhilHealth sa ating mga kababayan upang mabigyan ng oportunidad ang lahat na mag apply sa ganitong programa," ayon kay Mayor Poblete.

Layon ng nasabing programa na makapaghatid ng libreng pamamaraan ng pagpaparehistro sa mga benepisyaryo ng naturang programa.

"Hatid nito ang libre, maayos at totoong serbisyong kailangang kailangan ng bawat isa. Naabot natin ang mahigit 300 na mga Silangueño mula sa ARENGkadang paglilingkod ng Pamahalaang Bayan ng Silang," dagdag ng alkalde.



# OXYGEN TANKS AND REGULATORS, IPINAMAHAGI SA GENTRI

Sinimulan ng Pamahalaang Lungsod ng General Trias ang pamahahagi ng oxygen tanks at regulators bilang bahagi ng kanilang COVID-19 response.

Sa ngayon ay nasa 57 Homeowners Association (HOA) na ang nakatanggap ng mga naturang kagamitan, na inaasahang makatutulong sa mga residente na nangangailangan ng oxygen supplementation.



# 68 KASO NG TYPHOID FEVER, NAITALA SA CALABARZON

Nasa 68 na kaso ng typhoid fever ang naitala sa Calabarzon (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) Region mula Enero 1, 2020 hanggang Mayo 29, 2020, ayon sa Department of Health (DOH).

Dahilan upang patuloy na paalalahanan ng tanggapan ng ang mga residente na magsanay ng personal na kalinisan.

Naitala ng lalawigan ng Laguna ang pinakamataas na insidente ng typhoid fever na may 30 kaso kasunod ang Cavite na may 26, Rizal na may anim at Batangas na may isa.

Bagaman mas mababa ang bilang sa naging kaso noong nakaraang taon ayon sa Regional Epidemiology at Surveillance Unit, kinakailangan pa rin umanong mag-ingat upang maiwasan ang nakamamatay na sakit.

Sinabi ni Kimberly Cu, DOH-Calabarzon regional medical technologist, na karaniwan ang typhoid fever sa mga lugar na hindi maganda ang "hygiene", sanitation at kawalan ng ligtas na mapagkukunan ng inuming tubig. "If you are unsure of the quality of the water, especially those taken from deep wells, which are untreated, it is best to boil it for at least 2 minutes to kill bacteria," aniya.

"Also avoid eating unsanitary street-vended food as they are commonly exposed to insects and various environmental elements. When eating raw fruit and vegetables, wash them thoroughly with clean water," pahayag ni Cu.

"If a member of the family is suffering from any of the symptoms mentioned, you must bring the person immediately to the nearest hospital for immediate treatment," dagdag pa niya. She added, "The only effective treatment for the illness is antibiotics such as ciprofloxacin (for non-pregnant adults) and ceftriaxone for pregnant patients. Give them plenty of water to rehydrate."

# DENR: DEMOLISYON SA MGA ILIGAL NA ISTRAKTURA SA MANILA BAY, PARA SA MGA MALILIIT NA MANGINGISDA

Dinepensahan ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) nitong Miyerkules ang ang planong demolisyon ng mga "iligal" na istraktura sa Manila Bay matapos protesta ng mga lokal na mangingisda.

Sa isang pagtatagubilin, ipinaliwanag ni DENR Undersecretary Benny Antiporda na ang pagtanggal ng mga sa mga istraktura ng pangingisda sa tubig ng Cavite, na kinatatakutang banta sa kabuhayan ng 15,000 mga mangingisda at residente sa baybayin, ay para umano sa kapakinabangan ng mga maliliit na mangingisda.

Sinabi niya na ang mga mangingisda ay hindi na kailangang makipagsapalaran nang mas malayo sa dagat kapag natanggal ang "iligal" na mga cage, pen at baklad.

"The first ones who will benefit from that are small fisherfolk, those who use small boats. Would you




imagine once we dismantle illegal structures within one kilometer or few hundred meters from the shoreline, they can fish easily," pahayag ni Antiporda.

Ang demolisyon na hindi natuloy tulad ng naka-iskedyul noong Martes, ay bahagi ng pagsisikap ng kagawaran na kontrolin ang mga istruktura ng pangingisda sa kahabaan ng Manila Bay at mga tributaries.

Ngunit naniniwala ang mga mangingisda na ang mga aktibidad ay parte lamang ng napakalaking plano ng reklamasyon sa Cavite.

FUNNSIDE ningnangan